Filipino

family and child connect

# Umugnay sa mga serbisyong makakatulong sa inyo

## Paano kami makakatulong

Ang kabataan ay nangangailangan ng katatagan upang umunlad at lumaki sa malusog at positibong mga paraan, kahit na humaharap sa mga hamon ang kani-kanilang pamilya. Lalong mahalaga ito sa maagang bahagi ng buhay ng isang bata.

Narito para sa inyo ang Family and Child Connect kung kailangan ninyo ng suporta. Maiuugnay namin kayo sa mga lokal na serbisyo para matulungan kayong:

- pamahalaan ang pag-uugali ng inyong anak
- bumuo ng mas magandang ugnayan ng pamilya
- ihinto ang karahasan sa tahanan
- magbadyet at mamahala ng pera
- pamahalaan ang mga problema sa alak, ipinagbabawal na gamot o pagsusugal
- magka-access sa pabahay, pangkalusugang pangangalaga o iba pang mga serbisyo ng komunidad at pamahalaan.

Ang mga serbisyo ng Family and Child Connect ay ipinagkakaloob ng mga pinagkakatiwalaang lokal na organisasyon na bihasang makipagtulungan nakikipagtulungan sa mga pamilya.

Maaari ninyong gamitin ang serbisyong ito basta't kailangan ninyo.
Walang limit at walang bayad.

## Ano ang mangyayari kapag nakipag-ugnayan kayo sa amin?

Kapag nakipag-ugnayan kayo sa amin, makakakausap kayo ng bihasang manggagawa sa pagsuporta ng pamilya, na makikinig sa inyong mga alalahanin at tatasahin niya ang sitwasyon ng inyong pamilya. Magkakaiba ang bawat pamilya kaya, kapag nakipag-usap kayo sa amin, makakatanggap kayo ng payo at suportang partikular sa inyong sitwasyon.

Maaari namin kayong matulungan sa isang tawag lang, sa pamamagitan ng pag-aalok ng payo o pagrerekomenda sa inyo ng serbisyo sa suporta. Maaari din kaming magtakda ng pagbista pagbisita sa inyong tahanan – o sa isang ligtas na lugar – para makipag-usap. Kung kinakailangan, agad naming maiuugnay ang mga pamilya sa mga serbisyo sa karahasang pantahanan at pampamilya.

## Paano ka makakatulong sa iba

May inaalala ba kayong ibang tao, gaya ng inyong nasa hustong gulang na mga anak, apo, isang kamag-anak sa paaralan, o isang kaibigan sa trabaho? Matutulungan din ninyo silang makuha ang suportang kailangan nila.

Maunang makipag-usap sa kanila at hikayatin silang makipag-ugnayan sa Family and Child Connect sa 13 32 64 para sa payo at suporta. Baka ito ang maging unang hakbang nila para makuha ang tulong na kailangan nila.

## Makipag-ugnayan sa amin

Magtatagumpay ang kabataan kapag taglay ng mga magulang nila ang suportang kanilangan kailangan nila. Sa Family and Child Connect, alam namin na sa tamang gabay, malalampasan mo ang mga hamon ng buhay, at masusuportahan ang inyong mga anak na umunlad sa malusog at positibong mga paraan.

Ang serbisyo namin ay kompidensyal, libre at sulit sa oras na igugugol sa pagtawag.

**Telepono: 13 32 64**
**Website: familychildconnect.org.au**

## Ang inyong lokal na serbisyo ng Family and Child Connect ay:

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

## Kailangan ba ninyo ng tagasaling-wika?

Interpreter

Kung kailangan ninyo ng tagasaling-wika, maaari naming maisaayos ito nang libre. Tawagan kami sa **13 32 64** at sabihin sa amin ang wikang kailangan ninyo.

Funded by
Queensland Government

0869_MARCH2021